



Karl M. Gaspar: Panimulang Paglalapat ng Paniping Pagsusuri sa Teolohiyang Pilipino (Karl M. Gaspar: A Preliminary Application of Citation Analysis in Filipino Theology)

Mark Joseph Pascua Santos 

De La Salle University, Philippine Women's University

Correspondence: mjpascuasantos@gmail.com

Abstract

Isang landas na maaaring suungin sa pagpapayabong ng Araling Kapantasan ng anumang disiplina ay ang pagpaparami ng umiiral na eksposisyong ukol sa kaisipan ng mga pantas ng disiplinang iyon. Totoo rin ito sa kaso ng Teolohiyang Pilipino. Sa pagsasagawa ng eksposisyong, isang pamamaraang maaaring kasangkapin ay ang paniping pagsusuri. Malaki ang potensyal ng pamamaraang ito upang matasa ang katanggapan/saysay ng kapantasan ng pantas sa konteksto ng kanyang akademikong komunidad.

Upang ipamalas ang bisa nito bilang metodo sa Teolohiyang Pilipino, inilapat ito sa kapantasan ni Karl Gaspar, na maituturing na isa sa pinakaprominenteng Pilipinong teologo at antropologo. Gamit ang Google Scholar, siniyasat ang padron ng mga sumusunod: bilang ng pagsipi, akdang sinisipi, ideyang sinisipi, may-akdang sumisipi, paksang pinagsisipian, paraan ng pagkakasipi, at larangang pinagsisipian. Sa pamamagitan nito ay natuklasan ang mga sumusunod: pinakasinisipi si Gaspar sa paksa ng simbahan at katutubo; sa larangan ng agham pampulitika, antropolohiya, pilosopiya, at araling pangrelihiyon siya pinakamadalas sipiin; mayorya ng sumisipi sa kanya ay nasa Pilipinas, partikular sa Luzon, bagaman marami rin ang pagsipi sa Mindanao; at pinakamadalas siyang sipiin para sa pagsuporta sa sariling argumento ng mga sumisipi, at bilang pagpupugay sa kanya bilang naunang pantas.

(One way of enriching Araling Kapantasan of any discipline is to increase existing expositions on the thoughts of that field's intellectuals. The same is true for Filipino Theology. One method that can be used is citation analysis. This method has enormous potential in analyzing the reception/impact of intellectual's scholarship in the context of his/her academic community.

To show its efficiency as a method in Filipino Theology, it is applied to Karl Gaspar's scholarship, who can be regarded as the most prominent Filipino theologian and anthropologist.

By using Google Scholar, the following patterns are analyzed: citation count, works cited, ideas cited, authors who cite Gaspar, topics where he is cited, how he is cited, and fields where he is cited. Through this, the following are discovered: Gaspar is mostly cited in the topic of church and IPs; he is cited most in the fields of political science, anthropology, philosophy, and religious studies; majority of those who cite him resides in the Philippines, particularly in Luzon, though his citations in Mindanao has significant number; and the major reason why he is cited is to use his writings to support their own arguments, as well as to honor him as a pioneer intellectual.)

Keywords: *Araling Kapantasan, Eksposisyon, Filipino Theology, Karl Gaspar, Paniping Pagsusuri*

INTRODUKSYON

Araling Kapantasan, Eksposisyon, at Teolohiyang Pilipino

Sa pagpapalago ng larangang akademiko, isang magagawa ay pagmamapa ng produksyong intelektuwal ng mga naunang pantas. Paraan ito upang malaman ang kasalukuyang estado ng larangan. Makakatulong ang ganitong kasaysayang intelektuwal upang matukoy ang puwang sa kaalamang dapat punan, hiblang pampananaliksik na kailangang patatagin, at direksyon sa hinaharap ng larangan.

Ito ang dahilan kaya sinimulan ng may-akdang imungkahi ang bagong proyektong intelektuwal na binansagang “Araling Kapantasan” na tumutukoy sa “Sistematikong eksposisyon sa wikang Filipino ng kaisipan ng mga pantas ng akademya, pangunahin na ng mga Pilipinong pantas” (Santos 2023).

Ang Araling Kapantasan ng anumang disiplina ay maaaring buuin sa pamamagitan ng pagpaparami ng “eksposisyon” sa kaisipan ng mga pantas ng disiplina. Ang eksposisyon ay pagpapalitaw/pagpapalabas ng ideya ng pantas mula sa loob ng kanilang akda. Bukod sa pagpapalitaw/pagpapalabas ng ideya, gawain ng “ekspositor” ang sistematisasyon ng kaisipan ng pantas sa pamamagitan ng pagbasa, pag-iinterpretar, pagsisiyasat, pagsusuri, pagpapahalaga, o/at pagpuna sa kanyang produksyong tekstual. Ang eksposisyon ay maaaring ikumpara sa puzzle. Mas mabubuo ang puzzle ng kabuuang kapantasan ng pantas gamit ang pagtipon ng samu’t saring eksposisyon ukol sa kanya. Mas mabubuo naman ang puzzle ng kabuuang kapantasan ng isang larangan/disiplina, kapag pinagsama-sama ang eksposisyon sa kaisipan ng mga pantas na nakapaloob dito.

Maituturing na pinakamaagang ekspositoryong aklat sa Teolohiyang Pilipino ang *Theology in the Philippine Setting* ni Tano (1981). Nagsagawa siya rito ng eksposisyon kina Arevalo, Abesamis, de la Torre, Gorospe, at Nacpil. Sa hanay ng mga Pilipinong teologo, isa sa pinakamadalas gawan ng eksposisyon si de Mesa. Sumulat si Tabile (2017) at Cacho (2018) ng artikulo ukol kay de Mesa. Buong aklat naman ang inilaan ni Canlas (2008) sa metodong teolohikal nito. Isa namang pinakarespetado sa panig ng Protestante/Ebanghelikal si Maggay. Si de Mesa’t Maggay ang paksa ng tesis ni Gener (1998) at artikulo ni Roldan (2018).

Nariyan din ang Hapag, na naglimbag ng pagbabalik-tanaw sa ambag ng mga teologo ng DAKATEO gaya nina Francisco (Mendoza 2018), de Mesa (Cacho 2018), Gaspar (Odchigue 2018), Ginete (Ibera 2018), Belita (Pilario 2018). Ang Landas ay naglimbag din ng buong isyu ng ekspositoryong pananaliksik, ngunit kaiba sa Hapag, ang buong isyu ng Landas ay nakatutok kay Arevalo (Kroeger 2011, Lagdameo 2011,

Evers 2011). Isang pinakabagong ekspositoryong aklat ang akda ni Tangunan (2023) ukol sa tatlong Methodistang teologo: Nacpil, Arichea, Tapia.

METODO

Paniping Pagsusuri sa Teolohiyang Pilipino

Maraming pamamaraan sa eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong teologo. Isa rito ang citation analysis, na nais kong isalin bilang “paniping pagsusuri” (mula sa salitang “sipi”). Isang sangay ng bibliometriko ang paniping pagsusuri.

Nakatuon ang paniping pagsusuri sa pagsusuri ng ugnayan ng sinisiping akda at sumisiping akda (Smith 1981). Gamit ang ugnayang ito, kadalasang isinasagawa ang paniping pagsusuri upang makita ang iba pang malawak na ugnayan sa pagitan ng mga may-akda (Ying et al 2014). Isinilang ito noong 1920s. Unang beses itong isinagawa nina P.L.K.Gross at E.M.Gross nang suriin nila ang bibliograpiya ng mga artikulong matatagpuan sa dyornal na nakatuon sa inhenyeriyang kemikal (Qui et al 2017). Dumami ang bilang ng publikasyong gumagamit ng paniping pagsusuri pagsapit ng 1960s, matapos ilunsad ng Institute for Scientific Information, sa pangunguna ni Garfield, ang Science Citation Index noong 1964 (Moed 2005).

Marami-rami nang naglapat nito sa Pilipinas. Gayunman, wala pa gaanong gumagamit nito sa eksposisyon ng mga Pilipinong pantas. Isang eksepsyon ang paniping pagsusuri ni Guillermo (2013) sa Contracting Colonialism ng historyador na si Rafael. Sa disiplina ng teolohiya, wala pa akong natatalisod na isang paniping pagsusuri na isinasagawa ukol sa sinumang Pilipinong teologo.

Malaking potensyal ang taglay nito sa pagpapalago ng Araling Kapantasan ng Teolohiyang Pilipino. Maaari itong gamitin upang makabuo ng “talaangkanang intelektuwal” (intellectual genealogy) ng Teolohiyang Pilipino. Para itong family tree na magpapakita ng ugnayan ng mga teologo, ugnayan ng kanilang ideya, at kanilang impluwensya. Maging ang paglago o ebolusyon ng konseptong teolohikal (sa agos ng mga sumisipi rito) ay maaaring maisagawa gamit ang paniping pagsusuri. Makatutulong ito upang magkaroon tayo ng ideya ukol sa katanggapan ng kapantasan ng isang Pilipinong teologo.

Bilang panimulang eksplorasyon sa paniping pagsusuri bilang metodo sa Teolohiyang Pilipino, gagamiting kasong pag-aaral ang isa sa nangungunang Pilipinong teologo, si Karl Gaspar. Pinili ng pag-aaral na ito si Gaspar dahil sa ilang pangunahing salik. Una, isa siya sa mga Pilipinong teologong pinakatumatawid sa mga disiplina. Bukod sa pagiging prominenteng teologo, respetado rin si Gaspar sa larangan ng antropolohiya. Ang interdisiplinaryong dulog ni Gaspar ang dahilan kung bakit posibleng isama sa pagbibilang ng pagsipi ang usapin ng larangan/disiplina. Ikalawa, marami sa mga Pilipinong teologo sa partikular, at mga Pilipinong pantas sa pangkalahatan, na ginagawan ng eksposisyon ay puro mula sa Luzon. Napapanahon nang pag-ukulan din ng pansin ang mga Mindanawon na pantas/teologo, at isa si Gaspar sa pinakamainam na kinatawan nila. Ikatlo, ngayong taon ng 2024 ay inianunsyo ang isang planong festschrift na alay kay Gaspar, na pangungunahan nina Jeff Clyde Corpuz at Hadje Sadjje. Halos kasabay nito ang paglabas din ngayong taon ng aklat ni Jerry Imbong (2024) na *Towards a Mindanawon/Lumad Philosophy: The Filipino Philosophy of Bro. Karl Gaspar, CSSr*. Ang sabay na paglitaw ng dalawang proyektong ito ay nagpapakita na napapanahon sa kasalukuyan ang pagninilay ukol

sa kapantasan ni Gaspar.

Proseso ng Isinagawang Paniping Pagsusuri

Upang isagawa ang paniping pagsusuri, gagamitin ang Google Scholar (GS). Naglalaman ito ng datos ukol sa dami ng pagsipi sa bawat publikasyon ng isang may-akda. Makikita sa pamamagitan nito kung sino-sinong may-akda ang sumipi sa partikular na publikasyon.

Maraming limitasyon ang GS para sa paniping pagsusuri. Ilan dito ang sumusunod (Guillermo 2013): may kaso ng pagdodoble-doble ng entri ng publikasyon at bilang ng pagsipi; hindi nasasaganap ang maraming bilang ng akademikong dyornal; hindi pantay ang pagsagap ng mga pagsipi sa mga larangan; mas madalas masagap ang pagsiping ginawa ng mga bagong publikasyon; hindi regular ang updating ng datos; at mas madalas masagap ang mga akda sa Ingles kaysa ibang wika.

Gayunman, makabuluhan at praktikal paring gamitin ang GS. Hindi gaya ng naglalakihang citation database (hal. Scopus, Web of Science) na mas nakakasagap ng Kanluraning dyornal, mas inklusibong nasasagap ng GS ang lokal na dyornal sa Pilipinas. Mas nasasagap ng GS kaysa ibang citation database ang mga aklat (itinuturing na mas mataas na anyo ng produksyong intelektuwal lalo agham panlipunan at humanidades) (Guillermo 2013). Yamang wala pang alternatibong citation database na mas malawak/inklusiyo para sa kontekstong Pilipino, makasasapat na muna para ngayon ang GS.

Lumilihis ang pag-aaral sa pangkaraniwang paniping pagsusuri, na kadalasang nakatuon sa estatistikal na pagbibilang ng pagsipi. Sa halip, tatahakin ng pag-aaral ang tinatawag nina Ying et al (2014) na “content-based citation analysis” (CCA). Kinikilala nitong hindi magkakasingbigat/magkakasinghalaga ang mga pagsipi, kaya hindi sapat ang pagbibilang. Kung ang tipikal na paniping pagsusuri ay nakatuon sa “ilan,” interesado ang CCA sa “bakit” at “paano.” Isinasaalang-alang nito ang konteksto ng tekstong sinipi ng pag-aaral, ideya ang sinipi, bakit sinipi, at paanong paraan sinipi.

Walang itong pretensyon ng pagkakomprehensibo. Hindi sinasalamin ng GS ang kabuuang pagsipi kay Gaspar. Gayunman, gaano man kasalat ang datos ng GS, sapat ito para magsilbing durungawan, kung saan maaaring masulyapan ang padron (pattern) ng pagsipi kay Gaspar.

Sa usaping etikal, walang sinumang human subject bilang respondente na kinasangkapan para sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, yamang tumuon lamang ito sa mga limbag na pag-aaral ng mga sumipi kay Gaspar.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Isang Panimulang Paniping Pagsusuri kay Karl Gaspar

Batay sa GS (Enero-Pebrero 2024), may 269 bilang ng pagsipi kay Gaspar. Hindi lahat ay isinama sa pagsusuri. Sinala’t inialis ang sumusunod: 1. doble-dobleng entri, 2. pagsipi sa sarili, 3. aklat/artikulong sumipi na hindi aksesibol (aklat na hindi mahanap sa aklatan, artikulong nakapaloob sa dyornal na may bayad). Inalis ang entring hindi aksesibol sa mananaliksik dahil hindi maisasagawa ang CCA kung hindi makikita ang konteksto ng pagsipi. Mula 269, naging 166 ang bilang ng pagsipi

na isinama sa pagsusuri. Sa 166, 121 ang kabuuang bilang ng akda na sumipi kay Gaspar, habang 106 ang kabuuang bilang ng may-akdang sumipi.

Paksa ng mga Akdang Sumipi kay Gaspar

Ilan sa mga paksa kung saan siya pinakamadalas na sinisipi ay sa mga sumusunod (kalakip ng dami ng pagsipi sa kanya sa mga paksang ito: Katutubo/Lumad (55), Simbahan (39), Mindanao (36), lupa (25), kalikasan (25), karahasan (19), pag-unlad (19), kahirapan (16), kapayapaan (14), BECs/BCCs (12), liberation theology (12), demokrasya (11), at iba pa (na mas mababa sa 10 banggit).

Katutubo

Nagbibigay ito satin ng pagkakataong sumulyap sa katanggapan/saysay ng kapantasan ni Gaspar. Ang madalas na pagsipi sa pantas sa isang paksa ay nagpapakita ng ambag/katanyagan niya rito. Sa kaso niya, lumilitaw na ang nangungunang paksa kung saan siya sinisipi ay ukol sa katutubo/lumad (55 sa kabuuang 166 akdang sumipi sa kanya). Batay sa GS, 31 akda ni Gaspar ang sinipi ng iba't ibang akademiko. Kung ibabatay lamang sa titulo ng mga akdang ito, aakalain na nasa 8 lamang sa kabuuang 31 akda ang tuwirang nakatuon sa mga katutubo. Ngunit sapat na ang paspasang pagbabasa sa mga akda upang mapagtanto na karamihan (kung hindi man lahat) ay pumapaksa talaga sa mga katutubo (magkakaiba man ang lawak/nipis ng pagtalakay sa paksang ito sa bawat akda).

Simbahan

Isa pang maituturing na hiwalay na paksa (sa katutubo) kung saan madalas sipiin si Gaspar ay paksa ng simbahan/Kristiyanismo/relihiyon/espirituwalidad, na umani ng 39 mula kabuuang 166. Kung ang katutubo/lumad ay bunga marahil ng pormal na edukasyon niya sa antropolohiya/sosyolohiya at paglubog niya sa katutubong komunidad, ang pagsipi sa kanya sa paksa ng simbahan ay maiuugnay sa pagiging Redemptorist niya at aktibong pakikilahok sa BECs/BCCs. Ang iba pang paksa sa listahan ay maiuugnay rin sa malaking paksa na ito ng simbahan/Kristiyanismo atbp., katulad ng liberation theology/theology of struggle, at BECs/BCCs.

Maigigiit na sa dalawang malaking paksang ito (katutubo/lumad at simbahan/Kristiyanismo/relihiyon/espirituwalidad) umiinog ang mayorya ng pagsipi kay Gaspar.

Larangan ng mga Akdang Sumipi kay Gaspar

Ilan sa mga larangan kung saan madalas sipiin si Gaspar ay ang mga sumusunod: agham pampulitika (51), antropolohiya (27), pilosopiya (20), araling pangrelihiyon (19), ekolohiya (18), sosyolohiya (17), teolohiya (16), at iba pang hindi na babanggitin dito dahil mas mababa sa sampu ang pagsipi.

Antropolohiya at Agham Pampulitika

Ang mataas na bilang ng pagsiping nakapaloob sa antropolohiya (27 sa kabuuang 166) ay maaasahan dahil dito maikaklasipika ang marami sa kanyang mga akda bilang antropologo. Ngunit para sa mga mambabasa ni Gaspar, ang nakabibigla sa unang tingin ay ang mababang bilang ng mga larangan kung saan may pormal na edukasyon si Gaspar, tulad ng sosyolohiya (17) at ekonomiks (5), kung ikukumpara sa nangungunang bilang ng agham pampulitika/pampublikong administrasyon (51) (gayong hindi naman agham pampulitika ang larangan ni Gaspar). Maipapaliwanag

marahil ito ng reyalidad na bagaman antropolohikal, sosyolohikal, at ekonomiko ang marami sa akda ni Gaspar, malalim ang pampulitikang implikasyon ng mga ito. Marami sa antropolohikal/sosyolohikal/ekonomikong akda ni Gaspar ay madalas na patungo sa pagbatikos sa inhustisya at pagsusulong ng katarungan. Kaya hindi nakapagtataka na maraming sumisipi sa kanyang mga ideya at pahayag upang batikusin ang mga polisiya ng pamahalaan sa lumad (Gutierrez at Borrás 2004), kastiguhin ang pananamantala ng mga negosyante sa Mindanao (Alamon 2017), at isulong ang pangangalaga sa kalikasan laban sa pagsira ng gobyerno at kapitalista (hal. Bayod 2018). Sumasalamin ito sa praxis ni Gaspar, yamang hindi lamang siya antropologo bagkus ay aktibistang antropologo. Maging ang kanyang pagiging teologo ay mayroon ding malinaw na direksyong pulitikal.

Pilosopiya

Nakasama sa limang pinakamataas ang pilosopiya (20 sa kabuuang 166), sa kabila ng katotohanang hindi propesyunal na pilosoper si Gaspar. Bunsod ito ng pagiging nakapaloob sa larangan ng pilosopiya ng akda ng dalawa sa pinakasumisipi kay Gaspar: Maboloc at Bayod. Ang araling pangrelihiyon ay nakapasok sa limang pinakamataas (19), dahil bukod sa tuon ni Gaspar sa simbahan, may pag-aaral siya patungkol sa sistemang pangrelihiyon ng mga katutubo. Maging ang ekolohiya (19) ay matutunton sa pag-atupag ni Gaspar sa katutubo (pangangalaga at pagpapahalaga ng katutubo sa kanilang kalikasan).

Teolohiya

Bagaman nakatataas pa rin ang bilang kumpara sa ibang disiplina, malayo ang agwat ng teolohiya (16) sa nangungunang agham pampulitika (51). Bahagyang nakapagtataka ito kung ikokonsidera na maraming akdang inilimbag si Gaspar ukol sa teolohiya (bukod pa sa pagiging Redemptorist niya at malalim na paglahok sa BECs/BCCs). Ngunit maipaliliwanag ito sa ganitong paraan: sa larangan ng teolohiya, mas nakatuon ang mga isinusulat ni Gaspar sa tinatawag na kontekstuwal na teolohiya (pagteteolohiyang nakatuon sa konteksto ng mambabasa ng Biblia tulad ng kulturang Pilipino), kaysa biblikal na teolohiya (pagteteolohiyang nakatuon sa mga teksto ng Biblia) o sistematikong teolohiya (pagteteolohiyang nakatuon sa mga doktrina ng simbahan). Sa aspektong ito nagkakatulad ang pagteteolohiya ni Gaspar sa isa pang prominenteng Pilipinong teologo na si Mercado. Pareho silang maikaklasipika sa tinatawag ni Bevans (2003) na “antropolohikal na modelo.” Sa modelong ito, ang pangunahing pook ng pagteteolohiya ay ang kultura ng tao, sa halip na Biblia o tradisyon ng simbahan. Ito ang dahilan kaya kahit ang mga teolohikal na akda ni Gaspar ay madalas na sinisipi sa mga antropolohikal na pag-aaral.

Institusyon ng mga May-akdang Sumipi kay Gaspar

Kapag binilang ang may-akda batay sa institusyon, 57 ay mula Pilipinas, habang 47 ay banyaga. Malaking bilang ito ng may-akdang nakabase sa ibang bansa kung isasaalang-alang ang katotohanang kadalasang kapwa Pilipino ang sumisipi sa isa’t isa. Nakapag-ambag dito ang salik na halos lahat ng kanyang akda ay nakasulat sa Ingles. Karamihan sa akda ng banyagang sumipi kay Gaspar ay pumapaksa sa Araling Pilipino. Kung titingnan ang rehiyunal na lokasyon ng may-akda mula sa loob ng Pilipinas, lumilitaw na 25 sa kanila’y mula Luzon, 10 nakabase sa Visayas, at 20 mula Mindanao. Kung isasaalang-alang ang reyalidad na Luzon kadalasan ang naglilimbag ng maraming bilang ng akda yamang sa Maynila nakasentro ang mga prominenteng unibersidad (sa konteksto ng umiiral na Maynila-sentrisismo), malaking

bilang na ang 20 para sa Mindanao. Samakatuwid, malaking bahagi ng katanyagan ni Gaspar bilang pantas ay nakasentro sa Mindanao. Hindi nakakabigla yamang sa Mindanao siya nagmula, doon siya nakipamuhay sa katutubo at mahihirap. Sa kontekstong ito higit na mapahalagahan ang pagbabansag sa kanya ni Maboloc (2022a) bilang “Mindanao’s most important thinker.”

Mga May-akdang Sumipi kay Gaspar

Narito ang mga may-akdang pinakasumipi kay Gaspar: Maboloc (21), Holden (21), Bayod (13), Nadeau (10), Jacobson (8), Harris (8), Sy (5).

Dalawa ay mula Mindanao tulad ni Gaspar: Maboloc at Bayod. Nagturo si Bayod sa Cor Jesu College, kung saan nag-aral ng hayskul si Gaspar. Fakulti si Maboloc sa Ateneo de Davao University (AddU), kung saan naman nagkolehiyo si Gaspar. Matapos ang kanyang masterado sa Asian Social Institute, nagturo si Gaspar sa Cor Jesu College. Kalaunan, pinagturuan din niya ang AddU. Pinakamadalas paksain nina Maboloc at Bayod ang katutubo/lumad. Parehong kilala ni Gaspar ang dalawa.

Sina Holden, Nadeau, Jacobson, Harris ay pare-parehong banyagang pumapaksa sa simbahan, partikular sa interseksyong liberation theology, Basic Ecclesial Communities/Basic Christian Communities, at ekolohiya. Sa kanila, ang nakadaupang palad niya ay si Holden. Partikular itong naging interesado sa akda niya ukol sa Yolanda (Gaspar 2014b). Si Holden ay tumungo rin sa Tacloban, at nagsulat ng sariling repleksyon ukol sa trahedya.

Si Sy ay fakulti ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, na isa sa mga pangunahing tuon sa pananaliksik ay ang katutubo.

Pero dapat tandaang hindi magkakapantay ang bigat/halaga ng pagsipi. Halimbawa, ang tig-tatlong pagsipi ni May-akda 1 at May-akda 2 sa isang akda ay hindi nangangahulugan na magkasinglalim at magkasingkabuluhan ang pagsipi nila sa akda. Ang bilang ng pagbanggit ng may-akda kay Gaspar sa kanyang buong teksto ay ilustratibo sa puntong ito. Makikita sa ibaba ang bilang ng pagbanggit kay Gaspar ng mga akdang pinakabumabanggit sa kanya:

- 87 banggit sa Sadje 2020
- 55 banggit sa Holden at Jacobson 2007a
- 52 banggit sa Maboloc 2022a
- 49 banggit sa Maboloc 2021d
- 49 banggit sa Harris 2003
- 40 banggit sa Concepcion 2018
- 36 banggit sa Castrillo 1996
- 29 banggit sa Martin 2018

Hindi nakasama si Sadje (2020) sa pitong pinakamaraming pagsipi kay Gaspar, dahil iisa ang kanyang artikulong sumipi kay Gaspar. Sa nag-iisang artikulong ito, iisa din ang sinipi niyang akda ni Gaspar (2010): *The Masses are Messiah*. Gayunman, malaliman ang ginawa niyang pagsipi sa iisang akdang ito, dahil ipinaliwanag niya sa buong artikulo ang implikasyon ng akda (partikular ang prekolonyal na espirituwalidad) para sa Pentecostalismong espirituwalidad sa Pilipinas. Iisa ang

pagsipi niya kay Gaspar, ngunit si Gaspar mismo ang kanyang pinaksa sa buong papel. Samakatuwid, mas malalimang pagsipi ito kaysa halimbawa sa pagsipi ng ibang may-akda kay Gaspar kung saan marami silang siniping akda ni Gaspar sa talababa/talahuli o/at sa parenthetical citations, ngunit maliit lang naman ang kinalaman at implikasyon nito sa kanilang buong pag-aaral. Ang paghahalimbawang ito sa akda ni Sadje ay higit na nagpapatunay sa halaga ng content-based citation analysis. Ibig sabihin, hindi nangangahulugan na ang mga hindi nakasama sa listahan ng pitong pinakasumisipi kay Gaspar ay awtomatiko nang may pahapyaw o mababaw nang paraan ng pagsipi. Bukod kay Sadje, ilan pa sa mga may iisa o kakaunting akdang sumipi kay Gaspar ngunit may maramihang pagbanggit sa buong teksto ay sina Tamez (2017), Martin (2018), Castrillo (1996), at Concepcion (2018).

Paraan at Konteksto ng Pagsipi kay Gaspar

Ginamit ng may-akda ang listahan ni Garfield (1965) ng 15 dahilan ng pagsipi. Bawat akdang sumipi kay Gaspar ay inuri batay sa 15 dahilan, pagkatapos, binilang kung ilang akda ang maipapailalim sa bawat dahilan.

Mayorya ng pagsipi kay Gaspar ay nasa Bilang 8 (Pagsuporta sa iginigiit). ‘Di kataka-taka dahil ito ang pinakapangkaraniwang dahilan kung bakit sila sumisipi. Sumunod dito ang Bilang 1 (Pagkilala sa mga naunang pantas). Marami dito’y nagsaad ng pagkilala/pagpupugay:

- “a prominent Mindanao author and activist” (Alejo 2018)
- “famous scholar on the Manobos” (Petrola 2016)
- “an imperishable gift to Filipino theologians... He is one of the most influential and inspiring Filipino Catholic theologians in the Philippines” (Sadje 2020)
- “Gaspar is Mindanao’s most important thinker... a peace activist, social anthropologist, theologian, and interfaith scholar” (Maboloc 2022a)

Ang kataasan ng bilang ng pagsipi dahil sa pagkilala bilang naunang pantas ay sumasalamin sa katanyagan niya. Ilan sa akdang nasa Bilang 1 ay hindi lamang sumisipi kay Gaspar para sa sariling paksa, bagkus, si Gaspar mismo ang paksa nila (Sadje 2020; Maboloc 2021d, 2022a; Castrillo 1996).

Ang ibang dahilan ay mayroon lamang 10 puntos pababa. Mayroong sampung akda sa Bilang 2 (Pagkilala sa mga kaibigan sa akademya, o sa ibang kaugnay na pag-aaral). Malapit ang pagkakahawig nito sa Bilang 1, ngunit ang pagkakaiba’y hindi ito nakatuon sa pagbibigay-pugay sa naunang pantas, bagkus, pagpansin sa kaugnay na literatura.

Limang akda ang sumipi kay Gaspar upang irekomendang babasahin (Bilang 4). Tensyon sa pagmamay-ari ng lupa (Borras 2006), kilusang pangkalikasan (Broad 1995), at BCCs/BECs (Imbong 2021) ang ilan sa paksa kung saan siya inirerekomendang basahin.

Limang puntos ang nakuha ng Bilang 4 at 3 (Pagtukoy sa metodo ng pananaliksik). May ilang akdang tuwirang gumamit sa ideya ni Gaspar bilang kanilang teorya/balangkas/pangunahing batayan sa pag-aaral. Sa artikulo ni Maboloc (2022a), pinagtagpo ang captive mind ni Alatas at katutubong kaalaman batay kay Gaspar upang unawain ang imperyalismong kultural. Ang kritikal na pagteteorya ni Gaspar, Pilapil, at Oday ang naging batayan ng pag-aaral ni Villacampa (2023). Upang maghanap ng bakas ng trauma ng Batas Militar, talaarawan ni Gaspar ang

ginamit ni Martin (2018) na batayan.

Isa sa napansing padron ay ang pagiging madalang ng matatawag na “kritikal na pagsipi” kay Gaspar. Ang ibig sabihin nito ay ang pagsipi sa isang akda upang batikusin ito. Maipapailalim sa kategorya ng kritikal na pagsipi ang Bilang 5 (Pagtutuwid sa sariling akda), 6 (Pagtutuwid sa akda ng iba), 7 (Pagpuna sa naunang akda), 14 (Pagbatikos sa ideya ng iba), at 15 (Pagbatikos sa prayoridad ng iba). Walang akdang maikakategorya sa Bilang 5, dahil sa simula pa lamang ay tinanggal na ang entri ng pagsipi ni Gaspar sa sarili. Wala ring nasa Bilang 6 at 7. May tig-isa sa Bilang 14 at 15. Sa 14 mailalagay ang hindi pagsang-ayon ni Maboloc sa anti-Duterteng posisyon ni Gaspar. Gayunman, kahit ang hindi pagsang-ayon na ito ay puno pa rin ng paggalang.

Sa kabilang banda, sa Bilang 15 maipapailalim ang pagsipi ni Lara at Franco (2022) kay Gaspar. Anila, mas madalas ipinapaliwanag ang tensyong Mindanao sa pamamagitan ng pagtuon sa tunggaliang patayo (katutubo vs. pamahalaan) kaysa pahalang (katutubo vs. katutubo). Halimbawa, may kolonyal na pinag-uugatan ang pagsusulsol sa katutubo na labanan ang isa’t isa upang mapigilan ang kanilang pagkakaisa. Pagkatapos, tsaka nila sinipi ang akdang Panagkutay ni Gaspar bilang halimbawa ng pag-aaral na nagpaprayoridad sa tunggaliang patayo kaysa pahalang.

KONKLUSYON

Gaya ng nailahad, preliminaryong paniping pagsusuri lamang ang naisagawa sa pag-aaral. Sa unang sulyap, mapapaisip ang tagapagmasid na kakaunti lamang ang bilang ng mga sumipi sa kanya (269). Nabawasan pa ito dahil 166 na pagsipi lamang mula sa GS ang ipinasok sa pag-aaral. Ngunit malinaw na isang maliit na bahagi lamang ng pangkabuuang pagsipi kay Gaspar ang nasagap ng GS dahil sa limitasyon nito. Sa hinaharap, maaaring magsagawa ng mas komprehensibong paniping pagsusuri sa kanya, gamit ang iba pang elektronikong plataporma tulad ng Academia at ResearchGate. Maaari ring mano-manong halughugin ang seksyong Filipiniana at koleksyon ng mga tesis/disertasyon ng mga unibersidad/seminaryo.

Gayunman, sapat na ang paniping pagsusuring ito upang magsilbing panimulang pagsulyap sa katanggapan/saysay ng kapantasan ni Gaspar. Naipakita nitong ang pagsipi sa kanya ay malapit na sumasalamin sa kanya mismong intelektuwal na produksyon at praxis.

